

Magpasuri sa rubella antibody test para maprotektahan ang mga buntis at sanggol

Dumadami ang mga nahahawaan ng rubella sa Kanto district ngayon. Mahigit 5 beses ang idinoble ng bilang ng mga pasyente kumpara noong nakaraang taon. 90% ng na-impeksiyon ng rubella ngayong taon ay mga may edad na, mga lalaking nasa 30s - 50s at mga babaeng edad 20s.



Ano ang rubella?

Kung may rubella, magkakaroon ng magang kulani sa may tenga at sa may batok, magkakaroon ng lagnat at magkakaroon ng mga pantal sa lahat ng parte ng katawan. Nahahawaan ng Rubella sa pamamagitan ng direktang kontak kagaya ng pag-ubo o pagbahin ng isang taong may impeksiyon ng rubella.

Karamihan sa kaso ng rubella, lumalabas ang mga sintomas pagkalipas ng dalawa hanggang tatlong linggo mula ng mahawa ng birus kaya ibayong pag-iingat ang kailangan upang maiwasan ang pagkalat nito.

Mag-ingat lalo na ang mga buntis at mga nais magkaanak

Kung ang buntis ay mahawa sa rubella lalo na sa mga unang buwan ng pagbubuntis, ang isisilang niya ay maaaring bingi, may sakit sa puso, may katarata o may diperensiya sa utak o sa katawan. Hindi maaaring bakunahan ang mga buntis, kaya dapat umiwas sa matataong lugar. Ang asawa ng buntis at ang mga kasamahan niya sa bahay ay dapat mag-ingat at iwasang mahawa ng rubella.

Kumuha ng libreng rubella antibody test

Maiwasan ang rubella kung magpapabakuna. Kumuha ng rubella antibody test upang malaman kung kailangang magpabakuna. Kasalukuyang libre ito sa Saitama prefecture hanggang Pebrero 28, 2019.

■Sino: [Mga rehistradong residente ng Saitama prefecture]

<1> Babae mula 16 at hindi hihigit sa 50 taong gulang at nais magdalang-tao at kanyang asawa (o partner)

<2> Asawa ng buntis, na nakitaan ng mahinang resistensiya laban sa rubella, ayon sa medikal na pagsusuri ng buntis.

※Ang mga dati ng kumuha ng rubella antibody test, ang mga nabakunahan na laban sa rubella, at ang mga naimpeksiyon na ng rubella ay hindi na kasali.

風しん抗体検査
を受けましょう

対象者は無料で検査を受けられます

実施期間：平成30年4月1日～平成31年2月28日

対象者

埼玉県内市町村（さいたま市・川崎市・越谷市・川口市を除く）に住居登録がある方で、次の①または②に該当する方。

ただし、次の方を除きます。
●風しん抗体検査を受けたことがある方 ●風しんの予防接種歴がある方 ●風しんにかかったことがある方

①妊娠を希望する16歳以上50歳未満の女性とその配偶者（事実婚含む）
②「妊婦健診の結果、抗体価が低い（妊娠で32週未満）と判明した妊婦」の配偶者

検査の流れ

- 埼玉県ホームページから「検査申込書」を印刷し、記入しましょう。
- 埼玉県ホームページの「検査実施医療機関」から、希望する医療機関に事前に連絡しましょう。
- 医療機関に行くときは、対象者の要件が確認できる健康保険証等を持参しましょう。

検査結果から予防接種が必要かどうか医師から説明を受けましょう。

埼玉県保健医療部保健医療課
検査室：新さくらビル5Fが最寄り
TEL: 048-830-5327
FAX: 048-830-4908
E-mail: a3131-17@pref.saitama.lg.jp

パソコン・スマートフォンで検査結果を確認
埼玉県 風しん抗体検査



Pagpabakuna ng mga lalaki upang hindi kumalat ang rubella

Karamihan sa nahawa ay mga lalaki edad 30s ~ 50s na bumubuo ng 66% ng lahat ng pasyente. Karamihan sa kanila ay nagsabing hindi nagpabakuna. Magpasuri at magpabakuna upang maiwasan ang pagkalat ng rubella at ma-protektahan ang mga buntis at sanggol.

Pagtanggap ng aplikasyon sa papasok sa nursery at iba pa simula Abril,2019

Nurseries at iba pang pasilidad paalagaan ng mga bata

Ang mga batang walang mag-aalaga, dahil ang magulang ay nasa trabaho o may sakit, ay maaring ipa-alaga sa nurseries. Pero kung ang dahilan ay para masanay ang bata bago pumasok ng elementarya, sila ay hindi maaring mag-apply sa public nurseries.
 ※Makakakuha ng application forms sa city hall, etc.

■ **Fujimi-shi**

Pagtanggap ng aplikasyon petsa, oras	Tanggapan
11/16(Byernes), 17(Sabado) 9:00-17:00	Discussion room, city hall 1F
11/19(Lunes) 9:00-15:00	Multi-purpose hall, Piaza Fujimi 2F
11/20(Martes) 9:00-15:00	Multi-purpose hall, Mizutani city hall 1F

■ **Fujimino-shi** (iskedyul)

[11/25 (Linggo) Main building of city hall, 11/26 (Lunes) Ooi branch office

■ **Miyoshi -machi**

[11/13 (Martes), 14 (Miyerkoles) 10:00-12:00, 14:00-16:30, Chuo city hall (multi-purpose hall)

After-school children's clubs

Maaaring ipa-alaga ang estudyanteng 1-6 baitang na walang mag-aalaga pagkagaling sa klase .

- (1) Sa araw na may pasok (Lunes - Biyernes) Pagkagaling ng paaralan hanggang 18:30
- (2) Kung walang pasok (Sabado, tagsibol, tag-init at taglamig na bakasyon). Mula 8:00 hanggang 18:30
- ※Kung ipaalaga hanggang 18:30-19:00, may bayad.

■ **Fujimi-shi**

Pagtanggap ng aplikasyon petsa at oras	Tanggapan
11/10(Sabado) 9:00-12:00	Discussion room, city hall 1F
11/12(Lunes) 14:00-16:00	Multi-purpose hall, Mizutani city hall 1F
11/13(Martes) 14:00-16:00	Meeting room, Fujimino civil center 3F

■ **Fujimino-shi** [11/26 (Lunes) - 12/1 (Sabado)

■ **Miyoshi-machi**

[11/15 (Miyerkoles), 16 (Huwebes) 13:30-18:00 Fujikubo public hall


Kaganapan sa Japanese language class sa FICEC sa Disyembre – Paggawa ng Soba noodles



Sa Japan kumakain kami ng Toshikoshi Soba noodles sa pagtatapos ng Disyembre sa pagnanais ng mahabang buhay sa susunod taon.

Sa Disyembre 27, soba noodles cooking lesson ang idaraos sa FICEC pagkatapos ng Japanese language class. Ang Japanese class ay tuwing Huwebes (10:00-12:00). Ito ay libre.

Pagtawag sa fire engine o ambulansya



Para sa 119 emergency call, may tagapagsalin sa iba`t-ibang wika sa maraming lugar.

■ **Lugar na mayroon/Fujimino-shi, Fujimi-shi, Miyoshi-machi**

■ **Oras na maaring tumawag/24 oras, 365 araw**

■ **Wikang may tagapagsalin/English, Chinese, Korea, Portuguese, Spanish**

■ **Paano magbigay-alam**

- (1) Tumawag sa 119
- (2) Sabihin kung ito ay sunog o emerhensya
- (3) Sabihin ang lugar (tirahan o palatandaang gusali)
- (4) Sabihin ang kalagayan ng pasyente o ng sunog
- (5) Ibigay ang pangalan at numero ng telepono